4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Marnie Lipata Vega (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 3 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkakapantay- pantay ng bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kakayahan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan na nagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba bilang tanda ng pagiging magalang. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagiging magalang sa kapuwa sa pamamagitan ng pantay-pantay na pakikipag-ugnayan sa kabila ng pagkakaiba-iba (hal. walang pagtatangi sa kapuwa anoman ang kaniyang estado sa buhay)**<br>1. Nakapaghahambing ng mga pagkakatulad at pagkakaiba-iba ng sarili at kapuwa.<br>2. Naipaliliwanag na ang pagkakapantay-pantay ng bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba ay patunay na lahat ay may karapatan at tungkulin na dapat kilalanin ng bawat isa tungo sa mapayapang ugnayan.<br>3. Nakabubuo ng mga paraan upang itaguyod ang pagkapantay-pantay ng bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba. |
| **D. Nilalaman** | Pagkakapantay-pantay ng Bawat Isa sa Kabila ng Pagkakaiba-iba:<br>1. Kahulugan ng Pagkakapantay-pantay at Pagkilala sa mga karapatang Pantao<br>2. Pagkilala sa Ating Tungkulin na Igalang ang Ating Kapuwa Alinsunod sa mga Karapatang Pantao Hakbang Tungo sa Kultura ng Pagkakapantay-pantay<br>3. Mga Paraan ng Pagtataguyod sa Pagkakapantay-pantay sa Gitna ng Pagkaka-iba iba |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Paggalang / Respect |
| **F. Integrasyon** | Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao<br>Sanaysay “Ang ating Pagkakaiba-iba Ay Nagpapalakas Sa Atin” |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *Universal Declaration of Human Rights - Filipino (Tagalog).* (n.d.). United Nations. https://www.ohchr.org/en/human-rights/universal-declaration/translations/filipino-tagalog<br>Twinkl Teaches EYFS. (2020, December 14). *Follow-up activities for we are all different* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=1seI04WOFzk<br>My Bedtime Stories. (2021, November 5). *Our Diversity Makes Us Stronger by Elizabeth Cole \| Teaching Kids about Diversity and Kindness* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=1wzb-uvD_h8<br>*Modyul 8.* (n.d.). EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO Grade7 Pinagbuhatan High School. https://phsedukasyonsapagpapakataogr7.weebly.com/modyul-8.html?fbclid=IwAR3ylI18Vk1jsnnMQhSH6RIbZl75-zbkB1wAH6Kicycif5y7ij-7QxMfHLM |


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>**ALAM KO, IPAKITA KO**<br>Balikan natin ang mga kaalamang inyong natutuhan sa nakaraang paksa tungkol sa pagtitipid. | |

| **ALAM KO**<br>Tukuyin ang tatlong [3] mga kaalaman na iyong natutuhan tungkol sa kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok. | **IPAKITA KO**:<br>Isulat kung paano maipapakita ang mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na iyong isinasabuhay. |
|---|---|
| **Halimbawa:**<br>Mahalagang mag-ipon, mag-impok, at magtipid upang magawa ang mga aktibidad na gusto o pinapangarap mong gawin. | **Halimbawa:**<br>Ipinapakita ko ang pagtitipid at pag-iimpok sa pamamagitan ng pagtatabi ng kaunting halaga mula sa araw-araw kong baon sa eskuwela. |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**Panghikayat na Gawain**

Humanap ng kapareha at pag-usapan ang pagkaka-iba at pagkakatulad ng iyong sarili at sa iyong kapuwa. Gamitin ang mga konsepto na nakasulat sa lobo.




**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Isip-Usap-Sulat:** Pag-isipan at pag-usapan ang mga ideya na posibling sagot sa sumusunod na tanong, isulat ito sa papel.

"Kapag nakikita kita sa pamamagitan ng aking mga mata,
iniisip ko na tayo ay magkaibang-magkaiba."
"Ngunit kapag nakikita kita sa pamamagitan ng aking puso,
alam kong tayo ay magkapareho."

(Hinago mula sa https://www.twinkl.com.ph/resource/equality)

1. Ano sa palagay mo ang sinasabi ng pahayag?

_______________________________________________

2. Tingnan mo ang iyong mga kaklase saan kayo nagkaka-iba at saan kayo nagkakapareho? Kompletuhin ang pangungusap sa kahon.

| Magkapareho kami sa_______________________ ___________________________ | Magkaiba kami sa_______________________ ___________________________ |
|---|---|

3. Pagkakapantay-pantay sa gitna ng pagkakaiba-iba, puwede kaya?

_______________________________________________

**Panghikayat na Gawain**

1. Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng dalawahan o tatluhang pangkat upang pag-usapan ang kanilang pagkaka-iba at pagkakapareho.

2. Pasagutan ang pangprosesong tanong sa paglinang ng gawain. Maaari itong gawin bilang pagpapatuloy sa naunang gawain na pinag-uusapan ng pangkat kung ano ang tamang sagot maaari ding gawin ito ng indibidwal gamit ang sulatang papel o *notebook* at pagkatapos ay pipili ang guro ng ilan na magbabasa ng kanilang output.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita na nakapaloob sa unang hanay.

<table>
<tr><th>Mga Salita</th><th>Kasingkahulugan</th><th>Kasalungat</th></tr>
<tr><td>Diskriminasyon</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pantay-pantay</td><td></td><td></td></tr>
</table>

</td>
<td>

**Inaasahang sagot:**<br>Diskriminasyon<br>Pagkiling - Walang kinikilingan

Pantay-pantay<br>Pare-pareho - Iba-iba

</td>
</tr>
<tr>
<td>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

**IKALAWANG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 1: Kahulugan ng Pagkakapantay-pantay at Pagkilala sa mga Karapatang Pantao**<br>https://rb.gy/6wsibv

**Pukos-Basa:**<br>Basahing mabuti at unawain ang sumusunod na sanaysay bigyan pansin ang kahulugan ng pagkakapantay-pantay at ang mga artikulo ng karapatang pantao na nagpapahalaga sa karapatan ng bawat isa.

**Ang pagkakapantay-pantay** ay isang konsepto o prinsipyo na naglalayong ituring ang lahat ng tao na may parehong halaga at karapatan. Ito ay naglalaman ng pangunahing ideya na bawat isa ay mayroong parehong dignidad, karapatan, at oportunidad na magtagumpay sa buhay.

**Ano ang kahulugan ng pantay-pantay?** Ang pantay-pantay ay tumutukoy sa karapatan ng bawat tao sa parehong pagtrato at pagkakataon, anoman ang kanilang kasarian, lahi, at posisyon sa lipunan. Ang pantay-pantay ay batay sa paniniwala na walang sinoman ang dapat magkaroon ng mas mababang pagkakataon sa buhay dahil sa kanilang pinagmulan, paniniwala, oryentasyong seksuwal, at maging sila man ay may kapansanan. Sa kasaysayan, maraming grupo ang nakaranas ng diskriminasyon lalo na ang kababaihan dahil sa kasarian, kulay ng balat, relihiyon, at iba pa. Noong Disyembre 10, 1948, ang Pangkalahatang Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa ay nagsagawa at nagpahayag ng Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatan ng Tao. Kabilang sa mga artikulo ng karapatang pantao batay sa pagkakapantay-pantay ay ang sumusunod:

</td>
<td>

Pagkatapos basahin ng mga mag-aaral ang unang paksa, pasagutan ang gawain sa pagproseso ng pag-unawa at talakayin sa klase ang kanilang mga sagot. Maaari ring ipagawa ang *“error correction”* bilang paraan ng pagtalakay upang lubos nilang maunawaan ang mahahalagang konsepto.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Artikulo 1** Ang lahat ng tao'y isinilang na malaya at pantay-pantay sa karangalan at mga karapatan. Sila'y pinagkalooban ng katuwiran at budhi at dapat magpalagayan ang isa't isa sa diwa ng pagkakapatiran.<br><br>**Artikulo 2** Ang bawat tao'y karapat-dapat sa lahat ng karapatan at kalayaang nakalahad sa pahayag na ito, nang walang anomang uri ng pagtatangi, gaya ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, kuro-kurong pampolitika o iba pa, pinagmulang bansa o lipunan, ari-arian, kapanganakan o iba pang katayuan.<br><br>Bukod dito, walang pagtatanging gagawin batay sa katayuang pampolitika, hurisdiksiyunal o pandaigdig na kalagayan ng bansa o teritoryong kinabibilangan ng isang tao, maging ito ay nagsasarili, itinitiwala, di-nakapamamahala sa sarili o nasa ilalim ng anomang katakdaan ng soberanya.<br><br>**Artikulo 3** Ang bawat tao'y may karapatan sa buhay, kalayaan, at kapanatagan ng sarili.<br><br>**Artikulo 4** Walang sinomang aalipinin o bubusabusin; ipagbabawal ang anomang anyo ng pang-aalipin at ang pangangalakal ng alipin.<br><br>**Artikulo 5** Walang sinomang pahihirapan o lalapatan ng malupit, di-makatao o nakalalait na pakikitungo sa parusa.<br><br>**Artikulo 6** Ang bawat tao'y may karapatang kilalanin saanmang dako bilang isang tao sa harap ng batas.<br><br>**Artikulo 7** Ang lahat ay pantay-pantay sa harap ng batas at may karapatan sa walang pagtatangi ng pangangalaga ng batas. Ang lahat ay may karapatan sa pantay na pangangalaga laban sa anomang pagtatangi-tanging nalalabag sa pahayag na ito at laban sa anomang pagbubuyo sa gayong pagtatangi-tangi.<br><br>**Artikulo 8** Ang bawat tao'y may karapatan ng mabisang lunas ng karampatang mga hukumang pambansa tungkol sa mga gawang lumalabag sa pangunahing mga karapatan na ipinagkaloob sa kaniya ng saligang batas o ng batas.<br><br>**Artikulo 9** Walang sinomang ipaiilalim sa di-makatuwirang pagdakip, pagpigil, o pagpapatapon.<br><br>**Artikulo 10** Ang bawat tao'y may karapatan sa ganap na pagkakapantay-pantay sa isang makatarungan at hayag na paglilitis ng isang hukumang malaya at walang | |

kinikilingan, sa pagpapasiya ng kaniyang mga karapatan at pananagutan at sa anomang paratang na kriminal laban sa kaniya.

Mula sa mga karapatang pantao na nabangit ay binuo ang ibat ibang batas na magsusulong at uusig sa sinomang lalabag sa mga karapatang pantao. Sa Pilipinas at sa buong mundo, ang pagkakapantay-pantay ay patuloy na isinusulong ng ibat ibang sektor ng lipunan upang labanan ang porma ng pang-abuso sa karapatang pantao at para sa pagtataguyod ng mas makatarungang lipunan. Ang pakakapantay-pantay ay hindi tungkol sa pagbibigay ng benepisyo para sa ilang tao lamang, kundi sa pagbibigay ng benepisyo para sa lahat.

**Pagproseso ng Pag-unawa**

**Gawang Aralin 1: Mapa-Isip**

Gamit ang mga kahon, isulat ang iyong naunawaan tungkol sa pagkakapantay-pantay. Gawing gabay ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang kahulugan ng pagkakapantay-pantay?
2. Bakit mahalaga ang pagkakapantay-pantay?
3. Saang mga karapatang pantao nag-ugat ang pagkakapantay-pantay?





**“Ang ating Pagkakaiba-iba ay Nagpapalakas sa Atin”**

Sanaysay ni Elizabeth Cole

Hindi ko gusto ang aking bagong salamin. Ang laki, bilog, at kulay asul nito ay sobra. Ang pagiging iba sa ibang mga bata ay nakakatakot. Ano ang dapat kong gawin? Itatago ko ba ito sa aking *backpack* o marahil sa aking *pencil case*? Natatakot ako na lahat ay mang-aasar sa akin kapag nakita nila ito sa aking mukha. Hi, Nick! Tingnan mo! May bagong ngipin ako, kumikislap ito sa ilaw, magpapabuti sa kalusugan ng aking mga ngipin at tutulong sa pagtama ng aking kagat. Tara na, bilis! Ayaw nating ma-late sa paaralan. At, siyanga pala, gusto ko ang iyong salamin. Sa tingin ko, astig ang mga ito." Talaga ba? Hmm... baka ang pagiging iba ay hindi masama. Si Sarah may bagong ngipin at hindi siya malungkot. Ang pagkakaiba-iba ay may halaga, kahit ano pa ang sabihin nila. Sa palagay ko, tayong lahat ay magkakaiba sa isang espesyal na paraan.

Mula sa kutis na ating suot hanggang sa ayos ng ating buhok; Sa Diyos na dinadasalan, hanggang sa pagkaing pinagsasaluhan. Si Jason ay mahilig sa *skateboard* at si Billy ay nagbibisikleta. Ang ilan sa mga kaibigan ko ay sumasakay ng bus. At ako, gusto ko naglalakad sa kalsada. Hindi ko gusto ang maglaro ng *football*, kahit na lalaki ako. Ang *ballet dancing* ang siyang kasiyahan at ligaya ko. "Dahil sa aking tono, ang tunog ko’y iba sa iyo. Pero, tandaan mo, para sa akin, ang iyong wika rin ay bago." Hindi ako masyadong nakakarinig, ngunit hindi ito makakasira sa aking mga plano, kaya nag-aral ako ng *sign language* gamit ang mga kamay ko.

Wow! Magkaiba talaga tayo ngunit ito ang nagbibigay sa atin ng kakaibang anyo. Mula sa ating mga ngiti at lakad, hanggang sa ating pagsasalita. Si Fatima ay may pulang tuldok at si Milan ay may *freckles* o pekas sa mukha. Kung walang pagkakaiba-iba, ang mundoy nakakabagot na parang isang sumpa. Araw-araw, iginagalang ko ang mga taong kaiba sa akin. At sila'y magiliw din sa akin. Lahat tayo ay may iba't ibang mga hangarin. Maging ang mga pangarap din. Si Kiera ay nais na protektahan ang kagubatan at si Cholo ay nais na habulin ang mga magnanakaw. At ako, gusto ko maging isang siyentipiko at mag-imbento ng kakaibang bagay.

Ang nagkakaiba rin sa atin ay ang ating pakiramdam. Kahit sa parehong situwasyon, ay iba-iba ang ating nararamdaman. Hindi ko gusto ang maghintay sa pila. Ito'y

nagpapalungkot sa akin. Ramdam ko ang kaba at pawis sa aking katawan." Ako'y sobrang pasensyoso; maaari akong manatili dito buong araw." Gusto ko maghintay kasama si Lily, na laging may iba't ibang uri ng sombrero. Gusto namin mag-tsismisan ng konti at mag-enjoy sa aming mga kwentuhan." Pero kahit gaano tayo nagkakaiba, ay magkapareho tayo sa ibang bagay. Pareho tayong may puso na tumitibok ng malakas sa lahat ng damdamin. Kapag nagmamahal, tayo ay may mga pakpak; kapag nagdadalamhati, umiiyak tayo ng luha. Lahat ng tao ay nagagalit minsan, at lahat ay may takot. At kapag tayo'y takot o umiiyak ng pinakalungkot na luha, ang ating pamilya ang pumapawi ng lahat ng lungkot at takot. Ang iba ay hahanap ng tahanan sa mainit na yakap ng kanilang ina. Ang iba'y tatawag sa kanilang ama upang labanan ang nakakadiri na mga insekto. Ang iba'y magbabasa ng Quran na may saya sa kanilang mukha. At para sa iba, sa Bibliya ay may kapayapaan. Para sa mga walang mga magulang, isang kaibigan ang magiging kanilang katuwang, upang dalhin ang ngiti, tawanan, at isang araw na puno ng saya. Kaya't kahit ang ating balat ay dilaw, kayumanggi, itim, o puti, o ang ating personalidad ay mahiyain, maingay, pasaway, o magalang, at ang ating buhok ay kayumangi, dilaw, buhol-buhol, o kulot. Ang lahat ng pagkakaiba ay tinatanggap sa mundong ito, ikaw ba'y maligayang tinatanggap ang mundong ito? Kasi ako, mahal ko ang lahat tungkol sa akin. Ang pagtanggap ko sa aking sarili kung ano ako ang nagpapalaya sa akin. May pagmamalaki kong isinusuot ang aking salamin araw-araw, buong araw. Tinatanggap ko ang sarili ko at ang iba. Ang ating pagkakaiba-iba ang nagpapalakas sa atin.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawang Aralin 2: PPK TSART. Pahayag, Patunay, Katwiran**
Sagutin ang tanong gamit ang PPK tsart. Sa unang kolum ay nakasulat kung ano ang iyong gagawin at sa pangalawang kolum ay kompletuhin ang pangungusap bilang sagot.

**Tanong**
Bakit mahalaga ang pagkakapantay-pantay sa gitna ng pagkakaiba-iba?

| | |
|---|---|
| **P- PAHAYAG-** isulat ang iyong sagot sa tanong**.** | Ang aking sagot sa tanong ay ________________________________________ |
| **P- PATUNAY-** magbigay ng mga patunay mula sa sanaysay na nagpapatibay ng iyong sagot o pahayag para makumbinsi ang iba na tama ang iyong punto**.** | Ang mga patunay mula sa sanaysay na sumusuporta sa aking sagot/pahayag ay ang sumusunod:<br>1.__________________________________ |

Mahalagang maunawaan ng mag-aaral ang kuwento sa likod ng sanaysay "Ang ating pagkakaiba-iba ay nagpapalakas sa atin" upang masagot nila ang nag-iisang tanong sa PPK tsart. Pagtutok sa detalye ng istorya ang isang kasanayan gusto nating malinang dito na makukuha mula sa pokus na pagbasa.

| | |
|---|---|
| | 2.________________________________<br>3.________________________________ |
| **K- KATWIRAN-**ipaliwanag kung bakit ang iyong mga patunay ay sumusuporta sa iyong sagot/ pahayag. Ang iyong paliwanag ay dapat batay sa tama at wastong impormasyon mula sa sanaysay. | Ang tanong ay naghahanap ng…<br>__________________________________at ang ibig sabihin nito ay…<br>_____________________________________<br><br>Ang aking nabanggit na patunay ay naaayon sa kung ano ang hinahanap ng tanong dahil…<br>_____________________________________<br><br>Kaya, bilang sagot sa tanong…<br>_____________________________________ |

**Rubrik sa Pagmamarka:**

| Pamantayan | 2<br>Tanggap | 1<br>Bahagyang tanggap | 0<br>Hindi tanggap | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| **Pahayag-** sumasagot sa tanong | Nagbigay ng tama at kompletong sagot | Nagbigay ng tama pero kulang ang sagot | Mali ang ibinigay na sagot o walang sagot | |
| **Patunay-** teksto mula sa sanaysay na sumusuporta sa pahayag. | Nagbigay ng tama at sapat na tekstong sumusuporta sa pahayag | Nagbigay ng tama ngunit kulang ang tekstong sumusuporta sa pahayag | Walang ibinigay na tekstong patunay para sumuporta sa pahayag o kaya ay mali ang ibinigay na patunay | |
| **Katwiran-** paliwanag kung paano ang patunay ay sumusuporta sa pahayag | Nagbigay ng sapat na paliwanag at nagpapakita nga tamang koneksyon sa patunay at pahayag | Di sapat ang ibinigay na paliwanag tungkol sa koneksyon ng pahayag at patunay | Walang ibinigay na paliwanag o kaya ay mali ang paliwanag tungkol sa koneksyon ng pahayag at patunay | |

Sa Rubrik ay puwedeng dagdagan ang puntos at gawing 3,2,1

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2:**

**Pagkilala Sa Ating Tungkulin na Igalang Ang Ating Kapuwa Alinsunod sa mga Karapatang Pantao Hakbang Tungo sa Kultura ng Pagkakapantay-pantay**

“Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.” Kung ano ang makasasama sa iyo, makasasama rin ito sa iyong kapuwa. Kung ano ang makabubuti sa iyo, makabubuti rin ito sa kaniya. Bakit nga ba kaibigan? Sapagkat siya ay iyong kapuwa tao. Magkatulad ang inyong pagkatao bilang tao. Ito ang tunay na mensahe ng gintong aral (*Golden Rule*). Kinikilala nito ang karapatan ng bawat indibidwal sa paggalang ng kaniyang kapuwa. Hindi nga ba’t ito rin ang utos ng Diyos sa tao? Sinabi niyang “Mahalin mo ang iyong kapuwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.” (Matthew 22:39) Nangangahulugan ito ng pagkilala sa dignidad na taglay sa lahat ng tao. Ano nga ba ang dignidad? Ang dignidad ay galing sa salitang *Latin* na *dignitas*, mula sa *dignus*, ibig sabihin “karapat-dapat”. Ang dignidad ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapuwa. Lahat ng tao, anoman ang kaniyang gulang, anyo, antas ng kalinangan, at kakayahan ay may dignidad sapagkat nilikha ng Diyos ang lahat ng tao ayon sa Kaniyang wangis. Ibig sabihin, ayon sa Kaniyang anyo, katangian, at kakayahan. Samakatuwid, ang dignidad ng tao ay nagmula sa Diyos kaya’t ito ay likas sa tao. Hindi ito nilikha ng lipunan at ito ay pangkalahatan, ibig sabihin, taglay ng lahat ng tao. Dahil sa angking dignidad at karapatan, may tungkulin ang bawat tao na igalang ang kaniyang kapuwa tulad ng paggalang niya sa kaniyang sarili. Ayon kay Propesor Patrick Lee, ang dignidad ng tao ang pinagbabatayan kung bakit tungkulin ng bawat tao ang sumusunod:

1. Igalang ang sariling buhay at buhay ng kapuwa.
2. Isaalang-alang ang kapakanan ng kapuwa bago kumilos.
3. Pakitunguhan ang kapuwa ayon sa iyong nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.

**Paano ba natin maipapakita ang paggalang o pagrespeto sa ating kapuwa?**

https://chat.openai.com/

Ang respeto o paggalang ay isang mahalagang bahagi ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ito ay pagsasaalang-alang at pagpapahalaga sa karapatan, dignidad, at damdamin ng ibang tao. Narito ang ilang mahahalagang aspekto ng respeto:

1. **Pagtanggap:** Ang pagbibigay ng respeto ay nagsisimula sa pagtanggap sa iba kahit may mga pagkakaiba o hindi pagkakasundo. Ibinibigay nito ang halaga sa bawat isa bilang isang indibidwal na may sariling pananaw at karanasan.
2. **Paggalang:** Ang respeto ay paggalang sa ibang tao. Ito ay nagpapakita ng mataas na pagtingin sa kanilang integridad at dignidad. Ang pagiging marangal sa pakikitungo sa iba ay naglalaman ng pagpapakita ng kagandahang-asal at pagiging makatarungan.
3. **Pag-unawa:** Ang respeto ay pag-unawa sa situwasyon at damdamin ng iba. Ito ay pagsusuri at pakikipag-ugnayan sa kanilang karanasan at perspektiba nang bukas ang isipan.
4. **Pagbibigay:** Ang respeto ay naglalaman ng pagbibigay ng oras, pansin, at suporta sa iba. Ito ay pagpapakita ng pagmamalasakit at pakikipag-kapuwa-tao.
5. **Hindi paglabag:** Ang pagbibigay ng respeto ay kasama ang pangako na hindi lalabag sa karapatan at dignidad ng iba. Ito ay pag-iwas sa anomang uri ng pang-aapi, pananakit, o pang-aabuso.

Sa pangkalahatan, ang respeto ay nagbubuklod sa mga tao at nagpapalakas sa masalimuot na gawain ng pakikipag-ugnayan. Ito ay pundamental sa pagbuo ng magandang samahan at lipunan.

**Pagproseso ng Pag-unawa**

**Gawang Aralin 3: Isip-Usap-Sulat:**

Humanap ng kapareha, pag-usapan at isulat ang mga kaalamang naunawaan mo tungkol sa salitang dignidad at respeto, kompletuhin ang mga pangungusap sa loob ng bilog. Isulat din ang mga aspekto ng paggalang na iyong isasabuhay. Gawing gabay ang mga tanong sa loob ng kahon.

**Ang bawat tao ay may dignidad kaya't nararapat na igalang anoman ang katayuan sa buhay.**



# Tandaan

.

Isulat sa mga kasunod na kahon ang mga aspekto ng paggalang na iyong isasabuhay

1. Ano ang kahulugan ng dignidad at respeto?
2. Bakit kailangan nating igalang at pahalagahan ang bawat tao?

Ang dignidad ay_______________

Ang respeto ay_______________

1.__________
____________

2.__________
____________

3.__________
____________

Ang bawat tao ay nararapat na igalang at pahalagahan dahil
_______________
_______________

4.__________
____________

5.__________
____________

**Kaugnay na Paksa 3:**

## Mga Paraan ng Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay sa Gitna ng Pagkaka-iba iba

https://chat.openai.com/

Ang pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa kabila ng pagkakaiba-iba ay isang hamon ngunit mahalagang layunin para sa lipunan. Sa pamamagitan lamang ng pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa gitna ng pagkakaiba-iba, tayo ay tunay na magiging matatag at magtutulungan tungo sa sama-samang pag-unlad. Narito ang ilang paraan kung paano ito maaaring makamit:

1. **Edukasyon at Kamalayan:**
    - Palawakin ang edukasyon at kamalayan hinggil sa mga isyu ng pagkakapantay-pantay at kultura ng pagkakaiba-iba. Ang tamang impormasyon ay makakatulong sa pag-unawa at pagtanggap ng mga tao sa kahalagahan ng pagkakapantay-pantay.
2. **Maki-isa sa Pamahalaan sa Pagpapatupad ng Pantay-pantay na Patakaran:**
    - Tumulong tayo sa pagpapatupad ng mga patakaran na naglalayong mapanatili ang pagkakapantay-pantay. Ito ay maaaring kasama ang anti-diskriminasyon na batas, pondo para sa mga proyektong naglalayong mapabuti ang kalagayan ng mga grupong nanganganib, at iba pa. Isaisip at isapuso natin ang paggalang sa karapatan ng lahat ng tao at maging bukas ang isip sa kagandahan ng pagkakaiba-iba.
3. **Pagtangkilik sa Dibersidad:**
    - Itaguyod ang pagtangkilik sa dibersidad sa mga aspekto ng buhay tulad ng trabaho, edukasyon, at kultura. Ang aktibong pagsusulong sa iba't ibang uri ng mga tao ay naglilikha ng mas malawak at mas bukas na komunidad.
4. **Inklusibong Wika at Komunikasyon:**
    - Pahalagahan ang paggamit ng ingklusibong wika at komunikasyon upang hindi magdulot ng diskriminasyon o pagbibigay-batas sa mga tao base sa kanilang katangian o pinagmulan.
5. **Pampublikong Kampanya:**
    - Tumulong sa pagpapatupad ng pampublikong kampanyang naglalayong mapalawak ang kaalaman at pag-unawa ng publiko hinggil sa pagkakapantay-pantay. Ang kampanyang ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng mga midya, *social media, infomercial, posters,* at iba pang plataporma upang makarating sa mas maraming tao.
6. **Partisipasyon at Pakikilahok:**
    - Sisiguraduhin ang partisipasyon at pakikilahok ng lahat ng sektor ng lipunan. Sa pamamagitan ng aktibong pagtutok sa pagbuo ng mga desisyon, mas maraming tao ang maaaring maging bahagi ng proseso at mas

magkaroon ng boses.

7. **Kasapi ang Komunidad:**
    - Gagawing paksa ang pamayanan sa proseso ng paglikha ng mga solusyon para sa mga isyu ng pagkakapantay-pantay. Ang kolektibong pagsisikap ng komunidad ay mas epektibo kaysa sa solusyon na ipinapataw mula sa labas.
8. **Kultura ng Pagrespeto:**
    - Itaguyod ang kultura ng pagrespeto sa loob ng mga komunidad. Ang pagpapahalaga sa bawat isa, anoman ang kanilang pinagmulan o katangian, ay bumubuo ng mas malakas at mas makatarungan na lipunan.

Ang mga hakbang na ito ay maaaring makatulong na lumikha ng mas masigla at pantay-pantay na lipunan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga tao. Mahalaga ang aktibong partisipasyon ng bawat isa upang maitaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lahat ng aspekto ng buhay.

## Pagproseso ng Pag-unawa

## Gawang Aralin 4: Hamon-Hinuha

Humanap ng kapareha, pag-usapan at isulat sa mga lobo kung ano ang mga naiisip niyong tamang gawin pagkatapos basahin at unawain ang mga importanteng konsepto tungkol sa mga paraan ng pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay na nakapaloob sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Edukasyon at Kamalayan** Palawakin ang edukasyon at kamalayan hinggil sa mga isyu ng pagkakapantay-pantay. | **Maki-isa sa Pagpapatupad ng Pantay-pantay na Patakaran** Tumulong sa pagpapatupad ng mga patakaran na naglalayong mapanatili ang pagkakapantay-pantay. | **Pagtangkilik sa Dibersidad** Itaguyod ang pagtangkilik sa dibersidad sa mga aspekto ng buhay. | **Inklusibong Wika at Komunikasyon** Pahalagahan ang paggamit ng inklusibong wika at komunikasyon. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ang aking gagawin____ __________ __________ | Ang aking gagawin___ __________ __________ | Ang aking gagawin____ __________ __________ | Ang aking gagawin___ __________ __________ |


| Pampublikong Kampanya | Partisipasyon at Pakikilahok | Kasapi ang Komunidad | Kultura ng Pagrespeto |
|---|---|---|---|
| Tutulong sa pagpapatupad ng pampublikong kampanyang magpalawak ang kaalaman at pag-unawa ng publiko hinggil sa pagkakapantay-pantay. | Sisiguraduhin ang partisipasyon at pakikilahok ng lahat ng sektor ng lipunan. | Gagawing paksa ang pamayanan sa proseso ng paglikha ng mga solusyon para sa mga isyu ng pagkakapantay-pantay. | Itaguyod ang kultura ng pagrespeto sa loob ng mga komunidad. |
| Ang aking gagawin____ ___________ ___________ | Ang aking gagawin____ __________ __________ | Ang aking gagawin___ __________ __________ | Ang aking gagawin___ __________ __________ |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pinatnubayang Pagsasanay**


**Pabaong Pagkatuto:** Sagutin ang mahalagang tanong gamit ang larawan na pantulong. Punan lamang ang mga patlang ng angkop na salita sa loob ng kahon.




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Igalang ang Kapuwa | Mapayapang Ugnayan | Kilalanin ang Karapatan | Pagkakapantay-pantay | Pagkaka-iba-iba |

**Mga tamang Sagot:**

Mauunawaan ng mag- aaral na ang pagtanggap sa

| | | |
|---|---|---|
| | Mauunawaan ng mag-aaral na ang pagtanggap sa 1. ________________ sa gitna ng 2.__________________ang nagtutulak sa tao na 3.___________________ at gawin ang tungkulin na 4.___________________ tungo sa 5.____________________.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Suri-Sarili:** Suriin ang iyong sariling mga paraan o proseso ng pagkatuto sa paksang ito. Gamitin ang mga tanong sa loob ng kahon bilang gabay sa pagsagot.<br><br> | pagkakapantay- pantay sa gitna ng pagkaka-iba-iba ang nagtutulak sa tao na kilalanin ang karapatan at gawin ang tungkulin na igalang ang kapuwa tungo sa mapayapang ugnayan. |

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA saGURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>Pagsusulit. Maraming Pagpipilian<br>Basahin at unawain ng mabuti ang tanong, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.<br>1. Ano ang layunin o prinsipyo ng pagkakapantay-pantay?<br>a. Ang lahat ay may parehong halaga at karapatan.<br>b. Ang iba ay nakakakuha ng nararapat sa kanila.<br>c. Pagbibigay ng espesyal na karapatan sa ilang tao.<br>d. Pagbibigay-pabor sa isang partikular na grupo.<br><br>2. Ano ang kahulugan ng pantay-pantay base sa pahayag?<br>“Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.” Kung ano ang makasasama sa iyo, makasasama rin ito sa iyong kapuwa. Kung ano ang makabubuti sa iyo, makabubuti rin ito sa kaniya<br>a. Pabor sa isang partikular na grupo<br>b. Pagtanggi sa pagkakapantay-pantay<br>c. Pagkakaroon ng pantay na karapatan ng bawat tao<br>d. Hindi pagkakaroon ng pantay na kakayahan at kaalaman ng bawat tao<br><br>3. Ano ang itinuturo ng gintong aral (Golden Rule) ayon sa pahayag?<br>“Mahalin mo ang iyong kapuwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.”<br>a. Gawin mo sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.<br>b. Gawin mo sa lahat ang ayaw mong gawin sa iyo.<br>c. Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.<br>d. Huwag mong gawin sa iba ang gusto mong gawin sa iyo.<br><br>4. Ano ang nais iparating na mensahe ng mga pahayag sa banal na aklat?<br>a. Huwag magmahalan<br>b. Ang kapuwa-tao ay hindi mahalaga<br>c. Mahalin ang sarili nang higit sa lahat<br>d. Mahalin ang kapuwa katulad ng pagmamahal sa sarili<br>5. Ano ang ibig sabihin ng dignidad?<br>a. Hindi Paggalang sa sarili<br>b. Taglay ng ilang tao lamang<br>c. Likas na pagpapahalaga ng tao sa sarili lamang<br>d. Ang karapat-dapat sa lahat na tao na bigyan halaga at igalang ng kapuwa-tao</td><td>Mga tamang sagot:<br>1.A<br>2.C<br>3.C<br>4.D<br>5.D<br>6. A<br>7. C<br>8. D<br>9. D<br>10.D</td></tr>
</table>

**6. Bakit may dignidad ang tao?**

a. Dahil siya ay nilikha sa wangis ng Diyos.
b. Dahil sa kaniyang edad at kasarian lamang.
c. Dahil sa kaniyang yaman at antas ng edukasyon.
d. Dahil sa kaniyang karanasan sa lipunan.

**7. Ano ang tungkulin ng bawat tao batay sa dignidad ng Tao?**

a. Hindi pagsunod sa utos ng Diyos.
b. Huwag Igalang ang sarili at huwag intindihin ang kapuwa.
c. Igalang ang kapuwa tulad ng paggalang sa sarili.
d. Hindi mahalaga ang tungkulin ng bawat tao.

**8. Ayon kay Propesor Patrick Lee, ano ang mga tungkulin na dapat gampanan ng bawat tao batay sa dignidad?**

a. Igalang ang sariling buhay at buhay ng kapuwa.
b Isaalang-alang ang kapakanan ng kapuwa bago kumilos.
c. Pakitunguhan ang kapuwa ayon sa iyong nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.
d. Lahat ng nabanggit


**9. Paano itataguyod ang pagkaka-pantay pantay sa kabila ng pagkaka-iba iba?**

a. Pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa pagkakapantay-pantay at kultura ng pagkakaiba-iba.
b. Pagpapatupad ng mga patakaran na naglalayong mapanatili ang pagkakapantay-pantay.
c. Pagsusulong sa diversidad sa trabaho, edukasyon, at kultura.
d. Lahat ng nabanggit

**10. Bakit mahalaga ang pagkakapantay pantay sa gitna ng pagkakaiba-iba?**

a. Dahil ito ang nararapat
b. Dahil ito ang magpapalakas sa atin
c. Dahil ito ang nagpapasigla sa mundo
d. Lahat ng nabanggit

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin:** Gumawa ng personal na panata tungo sa pagkakapantay-pantay.



<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>• <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>